
Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

**3 Agosto 2025** | **Ika-18 Linggo sa Karaniwang Panahon** | **Taon K**

LINGGO NG MGA KURA PAROKO

## MAGPAYAMAN TAYO SA MATA NG DIYOS!



*Paalaala sa atin ng Salita ng Diyos ang katotohanang walang kabuluhan ang ating buhay kung sarili lamang at bagay na materyal ang ating pinagkakaabalahan. Sa kasamaang palad, marami ang nalilihis sa ganitong asal, at nagbubunga ng kasamaan hindi lamang sa sarili kundi pati sa iba, higit sa lahat sa mga walang kaya.*

*Ang mahalaga sa buhay na ito ay hindi "pagpapasarap sa buhay" at pagpapayaman sa salapi at mga ari-arian, kundi "pagiging mayaman sa mata ng Diyos." Magagawa natin ito sa pamumuhay na napasa-iilalim sa Kanyang Kautusan. Ito lamang ang maghahatid sa atin sa tunay at wagas na kapayapaan.*

*Sa pagsisimula natin sa pagdiriwang ng Eukaristiya, papagningasin natin ang ating pananampalataya. Sa ating pagpaparangal bukas, Agosto 4, kay San Juan Maria Vianney nakatuon ang ating pansin sa lahat ng Kura Parokong tulad nya noon. Inaanyayahan tayong higit na magpahalaga sa mga gawa ng mga kura paroko para sa kanilang mga kawan. Pasalamatan natin ang ating kura paroko at ang kanyang mga katulong sa kanilang pagiging kasangkapan ng kalinga ng Diyos sa atin.*

---

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ngayon ako'y 'yong iligtas nang di ako mapahamak. Dulutan mo ng paglingap nang buhay ko'y di mabihag, D'yos ko, sa aki'y mahabag.**

***(Sal 70:1.5)***

### Pagbati

***P*** –Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

***B*** **–At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*** –Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***P*** –Panginoong Hesus, kaakibat ang buhay namin sa buhay ng mapagpalang Diyos Ama, Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Panginoong Hesus, niloloob mong iwaksi namin ang lahat ng uri ng kasamaan at kasakiman. Kristo, kaawaan mo kami.

***B*** **–Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*** –Panginoong Hesus, inaanyayahan mo kaming magpayaman sa mata ng Diyos sa pamamagitan ng walang paghahanap sa sariling paggawa ng mabuti. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** **– Amen.**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

### Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na iyong laging kinahahabagan at pinagbibigyan upang ang itinampok ng iyong pamumuno at pagsubaybay ay muli mong ikalugod at panatilihin mong kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa

***Mangangaral 1:2; 2:21-23***

*Napakarami sa buhay natin ang walang saysay kapag nakatuon tayo sa buhay makalupa lamang. Ito ang diwa ng pangaral ni Qohelet. Diyos lamang at buhay na walang hanggan sa langit ang tanging makapagbibigay-kahulugan sa mabuting ginagawa natin.*

***L*–**Pagbasa mula sa Aklat ng Mangangaral

**Walang kabuluhan, walang halaga ang lahat ng bagay, sinabi ng Mangangaral.**

**Lahat ng ginawa ng tao'y pinamuhunanan niya ng karunungan, kaalaman at kakayahan ngunit pagdating ng araw ay maiiwan lamang sa susunod sa kanya. Ito ma'y walang kabuluhan. Anuman ang gawin ng tao ay nagdudulot ng kabiguan at sakit ng kalooban. Anumang gawin ng tao'y nagdudulot sa kanya ng balisa at hinanakit. May mga gabi pang hindi siya makatulog sa pag-iisip. Ito man ay walang kabuluhan.**


Ang Salita ng Diyos.
***B*– Salamat sa Diyos.**

### Salmong Tugunan

***Awit 89:3-4. 5-6. 12-13.14.17***

***B*–*Poon, amin kang tahanan noon, ngayon at kailanman!***

*R. M. Velez*




*** Yaong taong nilikha mo'y bumabalik sa alabok, sa lupa ay nagbabalik kapag iyong iniutos. Ang sanlibong mga taon ay para bang isang araw, sa mata mo, Panginoon, isang kisap-mata lamang; isang saglit sa magdamag na ito ay dumaraan. *B.***

*** Mga tao'y pumapanaw na para mong winawalis, parang damo sa umagang tumubo sa panaginip. Parang damong tumutubo, na may taglay na bulaklak, kung gumabi'y nalalanta't bulaklak ay nalalagas. *B.***

*** Yamang itong buhay nami'y maikli lang na panahon, itanim sa isip namin upang kami ay dumunong. Hanggang kailan magtitiis na magdusa, Panginoon, kaming iyong mga lingkod na naghihirap sa ngayon? *B.***

*** Kung umaga'y ipadama yaong wagas mong pag-ibig, at sa buong buhay nami'y may galak ang aming awit. Panginoon naming Diyos, kami sana'y pagpalain, magtagumpay sana kami sa anumang aming gawin! *B.***

### Ikalawang Pagbasa

***Co 3:1-5.9-11***

*Pinaaalalahanan tayo ni San Pablong ang pananalig natin sa muling pagkabuhay ni Kristo at sa ating muling pagkabuhay ay siyang makahulugan at siyang dapat mamatnubay sa ating mga pagpapahalaga.*

***L*–**Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Colosas

**Mga kapatid: Binuhay kayong muli, kasama ni Kristo, kaya't ang pagsumakitan ninyo ay ang mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Kristo na nakaupo sa kanan ng Diyos. Isaisip ninyo ang mga bagay na panlangit, hindi ang mga bagay na panlupa, sapagkat namatay na kayo at ang tunay na buhay ninyo'y natatago sa Diyos, kasama ni Kristo. Si Kristo ang tunay na buhay ninyo, at pag siya'y nahayag, mahahayag din kayong kasama niya at makakahati sa kanyang karangalan.**

**Kaya't dapat nang mawala sa inyo ang mga pitang makalaman: pangangalunya, kahalayan, mahalay na simbuyo ng damdamin, masasamang nasa, at ang pag-iimbot na isang uri ng pagsamba sa diyus-diyusan. Huwag kayong magsisinungaling sa isa't isa, yamang hinubad na ninyo ang dating pagkatao pati ang mga gawa nito at nagbihis na ng bagong pagkatao. Patuloy itong nababago ayon sa larawan ng Diyos na lumikha sa inyo, upang maging ganap ang inyong kaalaman tungkol sa kanya. Kaya't wala nang pagkakaiba ang Griego at ang Judio, ang tuli at ang di-tuli, ang dayuhan at ang mabangis na tao, ang alipin at ang malaya. Kay Kristo, walang pagkakaiba ang lahat at siya'y sumasalahat.**

Ang Salita ng Diyos!
***B*– Salamat sa Diyos!**

### Aleluya *Mt 5:3*

***B*–Aleluya! Aleluya!
Mapalad ang mga dukha na tanging D'yos na lumikha ang pag-asa at adhika.
Aleluya! Aleluya!**

### Mabuting Balita *Lu 12:13-21*

*Sa talinghaga ng Mabuting Balita ngayon tungkol sa hangal na mayaman, ipinaaalaala sa atin ni Hesus ang layunin ng mga kayamanan sa mundo. Ang mga iyon ay nakalaang magamit hindi para sa ating pansariling kasiyahan kundi sa paggawa ng mabuti sa ating kapwa, at sa gayon ay yumaman tayo sa mata ng Diyos.*

***P*–** Sumainyo ang Panginoon!
***B*–At sumaiyo rin.**
***P*–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B*– Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi kay Hesus ng isa sa mga tao,**

**“Guro, iutos nga po ninyo sa kapatid ko na ibigay sa akin ang bahagi ko sa aming mana.” Sumagot siya, “Ginoo, sino ang naglagay sa akin bilang hukom o tagapaghati ng mana ninyo?”**

**At sinabi niya sa kanilang lahat: “Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa laki ng kayamanan.”**

**At pagkatapos ay isinaysay ni Hesus ang talinghagang ito: “Ang bukirin ng isang mayaman ay umani nang sagana. Kaya’t nasabi sa sarili, ‘Ano ang gagawin ko? Wala na akong paglagyan ng aking ani! A, gigibain ko ang aking mga kamalig, at magtatayo ako ng lalong mas malalaki. Doon ko ilalagay ang aking ani at ari-arian. At sasabihin ko sa aking sarili, “Ayan, marami na akong ari-arian! Hindi na ako kukulangin habang-buhay! Kaya’t mamamahinga na lang ako, kakain, iinom, at magsasaya!” ’ Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos, ‘Hangal! Sa gabing ito’y babawian ka ng buhay. Kanino mapupunta ang mga bagay na inihanda mo?’**

**Ganyan ang sasapitin ng nagtitipon ng kayamanan para sa sarili, ngunit dukha naman sa paningin ng Diyos.”**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## Homiliya

## Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## Panalangin ng Bayan

*P* – Pinaaalalahanan tayo ng Panginoong may kahulugan lamang ang buhay natin kung iniuugnay natin ito sa pananampalataya’t pag-ibig sa kanya. Hilingin natin ito para sa atin at sa buong sangkatauhan:

*B* – **Bukal ng lahat ng kabutihan, dinggin mo kami.**

* Nawa’y ang buong Simbahan, sa pamamatnubay ng kanyang mga pinuno, ay laging magbigay ng malinaw na halimbawa ng katapatan sa pagtataguyod sa mga pagpapahalagang makalangit. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa’y maging mabuting halimbawa ang lahat ng magulang at guro sa kanilang mga anak at mag-aaral sa pagtatampok sa mga pagpapahalagang moral at espirituwal. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa’y lahat ng nakaririwasa ay maglaan ng kanilang yaman sa ikatutugon sa mga pangangailangan ng kanilang mahihirap na kapatid. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng kaparian: Nawa’y tularan nila ang sipag, kababaang-loob, at kabanalan ni Juan Maria Vianney, na kanilang patron. Manalangin tayo. ***B.***

*P* – Panginoong Hesus, ikaw lamang ang makapagbibigay-kahulugan at direksiyon sa aming buhay. Tibayan mo ang aming pananalig sa ipinangako mong gantimpalang walang hanggan at tulutan mong maging laging saksi ang aming pag-uugali sa aming pinananaligan. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

*B* – **Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P* – Manalangin kayo . . .

*B* – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

*P* – Ama naming Lumikha, para mo nang awa, gawin mong banal ang mga alay naming iyo sanang kalugdan at kami’y gawin mong haing sa iyo’y laging nakalaan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen.**

## Prepasyo I

*P* – Sumainyo ang Panginoon.

*B* – **At sumaiyo rin.**

*P* – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

*B* – **Itinaas na namin sa Panginoon.**

*P* – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

*B* – **Marapat na siya ay pasalamatan.**

*P* – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana’t kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami’y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami’y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

*B* – **Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

## Pagbubunyi

*B* – **Si Kristo’y namatay, si Kristo’y nabuhay, si Kristo’y babalik sa wakas ng panahon.**

## PAKIKINABANG

*B* – **Ama namin . . .**
*P* – Hinihiling namin . . .
*B* – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

*B* – **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P* – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
*B* – **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**"Ako," anang Poong mahal, "ang pagkaing bumubuhay. Di magugutom kailanman ang dumudulog na tunay nang may tiwalang lubusan."** ***(Jn 6:35)***

### Panalangin Pagkapakinabang

*P* – Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay iyong tuwangan sa ginagawa namin sa araw-araw upang kaming hindi mo pinagkakaitan ng pagsubaybay ay gawin mong maging marapat sa lubos na kaligtasan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* – **Amen.**

## PAGWAWAKAS

*P* – Sumainyo ang Panginoon.
*B* – **At sumaiyo rin.**

*P* – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
*B* – **Amen.**

*P* – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.
*B* – **Salamat sa Diyos.**

## TAMANG PANININGIN, WASTONG PAGTURING

*Kalakbay at Katoto*

**Mahalaga para sa atin ang makakita nang malinaw.** Mahirap mamili sa gabi lalu na't malabo ang ilaw. Mahirap maaninag ang tunay na kulay ng tela. Mahirap makilatis ang tunay na kagandahan ng anumang ating gustong bilihin. Sa panahon natin, mahalaga na mabasa natin ang lahat ng nakasulat sa mga tarheta … ng gamot, ng pagkain, ng anumang gamit pambahay o saan man.

**Lubhang mahalaga na marunong tayong tumingin at kumilatis**. Lubhang kinakailangan na mayroon tayong tamang salamin upang makilatis ang lahat ng bagay sa daigdig natin. Lubhang kinakailangang malinaw ang ating mata una sa lahat. Nguni't higit sa lahat ay kinakailangang ang nakikita natin at natutunghayan ay tama. Linaw ng mata at linaw ng paningin ang binabanggit natin.

**Subali't alam natin na may iba-ibang uri ng kabulagan sa buhay natin**. Tingnan natin ang ilang halimbawa mula sa mga pagbasa sa araw na ito.

**Sabi ni Kohelet sa taong ang pakay ng buo niyang buhay ay mag-ipon ng yaman: *"Walang kabuluhan … walang kakabu-kabuluhan."*** Sa orihinal na salita sa Hebreo, ang ginamit na salita ay may kinalaman sa hamog na madaling maglaho. Ang pagpapahalaga sa yaman at pag-iipon ng bagay na material, ayon kay Kohelet, ay parang pag-iipon ng hamog na hindi nagtatagal.
Ito rin ang paksa ng ebanghelyo ayon kay Lucas. Isang tao ang humiling kay Hesus na mamagitan sa kanyang kapatid upang partihin ang mana nilang magkapatid. Naging simulain ito ng isang mahalagang pangaral tungkol sa katakawan na tinawag ni Pablo sa sulat sa mga taga Colosa na isang uri ng idolatria o pagsamba sa diyus-diyosan. *"Ingatan ninyo na hindi kayo matangay ng katakawan, sapagka't bagama't ikaw ay mayaman, ang buhay mo ay hindi nababatay sa pagkakamal ng ari-arian."*

**Ang pagkabulag ay pagkawala ng wastong paningin**. Sa linguahe ng kompyuter, *what you see is what you get,* ika nga (WYSIWYG). Kung ang mata ay nalalambungan, hindi tama ang paningin, mali ang dating sa mga matang natatakpan sa harap ng katotohanan. Kung mali ang paningin, hindi rin wasto ang pagturing. Hindi tama ang pagpapahalaga. Hindi angkop ang pagkilatis sa mga bagay-bagay. Kung ano

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

ang tingin ay siyang turing. Kung ang tingin mo sa bakal ay ginto, ang turing mo ay ginto, kasing halaga ng ginto. Kung ang tingin mo ay yero lamang, ang turing mo ay halagang yero lamang. Kung ang tingin mo ay puwet lang ng baso ang bato sa singsing, ang turing mo ay katumbas lamang ng puwet ng baso. *What you see is what you get.*

Ang Panginoong Hesus ay isa ring manggagamot. Tinitingnan niya ngayon kung anong uri ng mata mayroon tayo. Tama ba ang ating pagtingin? Tama ba ang nakikita natin? At higit sa lahat … wasto ba ang ating turing?

**Kay daming bulag, pipi, at bingi sa ating lipunan noong panahon pa ni Freddie Aguilar at magpahangga ngayon.** Palpak ang ating paningin. Kay raming nagbibigay pahalaga sa hamog na narito ngayon at mamaya ay wala na. Ilan sa aking mga kakilala ang dati-rati ay nagkakamal ng maraming pera ngunit ngayon ay salat na salat?

**Laganap ang kabulagan sa ating lipunan.**

**Tayo man ay mga bulag, pipi, at bingi rin sa ating pananampalataya**. Inilalagay natin sa unang hanay ang dapat sana ay nasa bandang hulihan. Inuuna natin, hindi ang wastong pagpapahalaga bagkus ang ating makasariling pagpapahalaga. Ang galing ng kompanyang nagpangalan sa kanilang sarili ng *FAMILY FIRST, INC.* Bago ang iba, tayo muna. Ang Pilipinas, sabi ng isang tanyag na manunulat ay isang malaking anarkiya ng mga pamilya. Ang pamilya ang puno at dulo ng lahat. Pag pamilya ang pinag-uusapan, walang mali sa nakaw . . . walang mali ang katiwalian o korupsyon. Butas ang batas kapag pamilya ang pinag-uusapan. Okey hindi sumunod ng batas, kasi pangangailangan ng pamilya ang nakataya.

Tila masakit ang sinabi ng Panginoon sa taong humiling sa kanya. Subali't hindi ibig sabihin na masama ang maging mayaman. Hindi rin ibig sabihin na mainam ang maging mahirap. Malayo ito sa sinasaad ng mga pagbasa. Ang mga mayayaman na yumaman sa tamang paraan ay hindi masasamang tao. Ang mga mahihirap na sa kabila ng kanilang kasalatan ay masayang nabubuhay ay hindi aba sa mata ng Panginoon. *"Mapalad ang mga dukha sa Espiritu, sapagka't kanila ang kaharian ng langit."* **Ang pangaral ni Hesus ay hindi pagmamasama sa mayaman**. Hindi rin ito pagsasabing mas mainam ang manatiling mahirap. Ang pinupuntirya ng Panginoon ay kung tama ang ating pagpapahalaga, kung wasto ang ating ginagamit na salaming pananaw, at kung alam natin ang mga bagay na dapat natin pahalagahan ng higit sa lahat, at alin ang dapat ilagay sa ikalawa o ikatlong hanay ng ating pagpapahalaga.

**Sapagka't ang tamang paningin ay magbubunga sa wasto ring pagturing. *What you see is what you get.***

